

**Nais mo bang makahanap ng
isang pautang na
mapagkatiwalaan mo?**

Tingnan ang www.money-happy.org, isang proyekto ng Housing and Economic Rights Advocates (HERA) [Mga Tagataguyod ng Mga Karapatan ng Pabahay at Ekonomiko]. Minsan kailangan mo ng pera, at ito ay hindi kailangan ng malaking gastos sa iyo. Ang www.money-happy.org ay tutulong sa iyo na makahanap ng ligtas at abot-kayang mga nagpapahiram at bigyan ng mga tagapagtustos ng mga pamigay na malapit sa iyo.



Ang HERA ay isang hindi-tumutubong legal na mga serbisyong organisasyon na nakatuon sa pang-ekonomiyang katarungan. Para sa karagdagang impormasyon o upang humiling ng tulong mangyari ay makipag-ugnay sa amin sa inquiries@heraca.org o tumawag sa 510-271-844, ext. 300

**NAGPOPROTEKTA SA LAHAT NG MGA
TAO MULA SA DISKRIMINASYON AT
PANGKABUHAYANG PANG-AABUSO,
LALO NA UKOL SA PABAHAY**

Ipinapaliwanag namin ang iyong mga pagpipilian at mga karapatan.

Tutulungan ka naming ipagtanggol ang iyong mga karapatan at labanan ang mapang-abusong mga kasanayan sa pamamagitan ng pagtatanggol.

Tuturuan ka namin kung paano bumuo ng isang ligtas na pinansiyal na kinabukasan para sa iyo at iyong pamilya.

HERA

housing and
economic
rights advocates

WWW.HERACA.ORG
TELEPONO: 510-271-8443
FAX: 510-868-4521
EMAIL: INQUIRIES@HERACA.ORG
P.O. BOX 29432, OAKLAND, CA 94604

**Magkano Aabutin
Ang Gastos Ng
Aking Pautang?**

HERA

housing and
economic
rights advocates

PAANO KO MALALAMAN KUNG MAGKANO ANG BINABAYARAN KO PARA SA AKING PAUTANG?

Kumuha ng isang kopya ng iyong kontrata ng pautang sa iyong sariling wika. Kung ikaw ay nakipagkasunduan sa isang pautang sa Espanyol, Intsik, Koreano, Vietnamese, o Tagalog, ang nagpapahiram ay dapat magbigay sa iyo ng isang kopya ng kontrata sa wikang ito sa ilalim ng batas ng California.

Hanapin ang Truth-In-Lending Disclosure [Pagbubunyag ng Katotohanan-Sa-Pagpapahiram] (na madalas na tinatawag na "Tila Box") sa iyong kontrata ng pautang. Ang mga nagpapahiram ay dapat isama ang Tila box sa bawat kontratang pautang ng mamimili. Ang Tila Box ay nagsasabi sa iyo ang tunay na halaga ng mga pautang sa parehong pormularyo para sa bawat pautang.



HALIMBAWA TILA BOX

| 1) TAUNA NG PORSYENTONG HALAGAHAN | 2) SINGIL SA PANANALAPI | 3) HALAGA NG TINUSTUSAN | 4) KABUUAN NG MGA BAYAD |
|--|---|---|---|
| Ang halaga ng iyong kredito sa isang taunang halagahan (kabilang ang iyong mga bayarin at interes) | Ang dolyar na halaga ng kredito ay magkakahalaga sa iyo | Ang halaga ng kredito na ibinigay sa iyong walang gastos na kasama. | Ang halagang nabayaran mo pagkatapos mong nabayaran ang lahat ayon sa iskedyul (Kabilang ang mga bayarin at |
| 7.99% | \$ 109 | \$ 2,500 | \$ 2,609 |

- 1) Ang Annual Percentage Rate (Taunang Porsyentong Halagahan), o APR, ay nagsasabi sa iyo ang halaga ng iyong pautang, sa bawat taon, bilang isang porsyento ng halaga na hiniram mo.
- 2) Ang Pinansyal na Singil ay ang halaga na babayaran mo para sa iyong pautang na karagdagan sa pagbabayad ng halagang hiniram mo.
- 3) Ang Halagang Pinautang ay ang halaga na matatanggap mo (inutang) sa pautang.
- 4) Ang Kabuuan ng Pagbabayad ay ang kabuuang halaga na babayaran mo sa nagpapahiram para sa iyong pautang, kabilang ang mga Halagang Pinautang at ang interes at mga bayarin.

MAG-INGAT SA MGA NANUNULISANG PAUTANG AT MGA PANDARAYA!!!

"Bait and Switch" ("Pag-akit at Pagpalit") na mga pandaraya:

Ang ilang mga nanunulisang nagpapahiram ay mangangako sa iyo ng isang pautang ngunit magbibigay sa iyo ng isang mas mahal. Kahit na ano pa ang mga pangako sa iyo ng nagpapahiram, ang mga tuntunin ng iyong pautang ay nasa iyong nakasulat na kontrata ng pautang. Siguradhin na basahin mo ang iyong kontrata BAGO mo pirmahan ito.

Mga Pautang sa "Payday" Loan:

Ang mga Payday na nagpapahiram ay ang mga payday na nagpapahiram ay maaaring sumingil ng \$45 sa isang \$300 na pautang na dapat bayaran sa loob ng dalawang linggo. Ito ay katumbas sa isang APR na higit sa 460%.

Ang pag-aalok ng isang mas malaking pautang kaysa sa iyong hiningi:

Iwasan ang mga nagpapahiram na nag-aalok sa iyo ng mga pautang na higit sa \$2,500, kahit na humingi ka ng mas maliit. Ang California ay walang limitasyon sa gastos sa mga pautang na higit sa \$2,500, at maraming mga nanunulisang mga nagpapahiram ay gumagawa lamang ng mga pautang na lampas sa halagang ito.